AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

# BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
## Lesson 4

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Home Quarantine".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 4**

Sources: Dealing with School and Childcare Closings, Healthy Children Organization & Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🧬

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Patrick ng Taguig City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, naiinip na po ako sa loob ng aming bahay. Gusto ko na pong maglaro ng basketbol kasama ang aking mga tropa. Pwede po ba akong lumabas para makipaglaro?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, Patrick!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Hindi talaga natin maiiwasang mainip 😣 at ma-miss 😢 ang mga dating ginagawa natin sa labas ng ating bahay 🏠 - tulad ng paglalaro kasama ang ating mga kaibigan 🤼‍♀️, foodtrips 🍟 - pagkain ng streetfoods 🍢 o sa mga fastfood chains 🍱, at pagpunta sa iba't-ibang lugar para magliwaliw.

Kaya nga lang, mataas kasi ang posibilidad na kapag tayo'y nasa labas ng ating mga bahay ay may makakasalamuha tayong isa o higit pang mga tao na positibo sa COVID-19 at mahawa mula sa kanila na maaaring magdulot ng pagtaas ⬆ ng bilang ng positibo rito sa bansa.

At upang makatulong sa adbokasiya ng Department of Health na "Flattening the Curve" ➖ o pagpapababa ng tyansa o pag-iwas na kumalat ang coronaviruses sa bansa ay isinailalim sa "Enhanced Community Quarantine" ang Luzon at pinakiusapan din na hanggat maaari ay mag "Home Quarantine" o manatili muna tayo at ang ating pamilya sa loob ng ating mga tahanan habang patuloy na nakikipaglaban ang ating mga frontliners sa coronaviruses. 🏡👨👩👧👦

**IV.✊ HAMON**

Huwag magalala, dahil alam ni Teach na hindi natin maiiwasang mainip at malungkot sa loob ng ating bahay ay napag-isipan kong magrekomenda ng mga maaaring gawin upang maging produktibo ang ating araw. 🤗

Una na sa listahan ay ang pakikihalubilo natin sa ating kapamilya. 👨👩👧👦

Magbalik-tanaw 🔁 tayo noong kapanahunan nila o di kaya'y noong sanggol 👶 ka. Siguradong ibabahagi bi Tatay 👨🏻 at Nanay 👩🏻 ang love story 💕 nila o di kaya yung mga una mo - iyak, pag ngipin, salitang nabigkas, paglakad, o araw sa eskwelahan.

Kung gusto mo, pwede ka ring magpaturo ng pagbabasa 📖, pagsagot ng Mathematical Equations ➕➖➗✖, pagguhit ✏, pagtugtog ng gitara 🎸, pag-awit 🎤, pag-sayaw 🕺💃, o pagsulat ng kanta 🎼📝 kayla Ate o Kuya.

Pwede ring manood ng palabas sa tv o online 💻 - DIY things, pageedit ng retrato o bidyo 🎥🎞, maging ng paborito ninyong telenovela o vlog sa loob at labas ng bansa. (Pwede rin namang gumawa ng Tiktok videos upang aliwin ang sarili at ibang tao. 😉)

Di ba? Napakaraming pwedeng gawin upang hindi tayo mainip o malungkot sa loob ng ating mga bahay. 🙅🏻‍♂️😔🏠

Sulitin ang pagkakataong ito upang makapiling ang ating kapamilya. Iwasan lang natin ang pagkuha ng groupie ❌📸👨👩👧👦. At, panatilihin ang 1 metro o di kaya'y 3 dipang layo sa kanila. 👧 👩

Mahalin at alagaan natin ang bawat isa sa kabila ng COVID-19. Higit sa lahat, mabuti nang manatili tayo sa loob ng ating bahay upang makaligtas ng buhay. 🏠💕

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Bakit tayo naka- “Home Quarantine”?
🔎 Ano ang pag-iwas na kumalat ang coronaviruses sa bansa sa pamamagitan ng pananatiling malinis at malusog sa loob ng bahay?
🔎 Anu-ano ang pwedeng gawin upang makihalubilo sa ating kapamilya?
🔎 Tama o Mali. Kumuha ng groupie kasama ang pamilya.
🔎 Ilang metro o dipa ang dapat nating idistansya o ilayo sa iba?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."